Factsheet tungkol sa eksemsyon sa Income Tax at benepisyo ng Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell

Pangkalahatang-ideya

Layunin ng factsheet na ito na bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga eksemsyon sa Income Tax at benepisyo para sa lahat ng naulila, nakaligtas, at mga residente sa mismong komunidad na kwalipikado para sa direktang bayad bilang bahagi ng Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell.

Mahahalagang Impormasyon

Ang batas tungkol sa eksemsyon sa Income Tax (Mga Regulasyon ng The Horizon Convictions Redress Scheme (Inamyendahan) at Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell (Eksemsyon sa Income Tax) 2025) ay ipinatupad noong 7 Agosto 2025 at sumasaklaw sa lahat ng naibayad pati na rin sa anumang hinaharap na bayad na ibibigay sa ilalim ng Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell.

Noong 2023, in-update ng DWP ang batas nito (Mga Regulasyon ng The Social Security (Mga Hindi Isinaalang-alang Bilang Kita at Kapital) (Inamyendahan) 2023) upang huwag isama ang mga bayad na may kaugnayan sa Grenfell bilang kompensasyon o suporta kapag tinatasa ang karapatan sa mga benepisyong nakabatay sa pagsusuri ng kita at kapital. Ang mga bayad na ito ay hindi isasama kahit kailan bilang kapital at kita para sa layunin ng pagkalkula ng karapatan sa mga benepisyong nakabatay sa pagsusuri ng kita at kapital.

Mga Implikasyon

Tinitiyak ng eksemsyon sa Income Tax na kung ikaw ay kwalipikado sa mga bayad sa ilalim ng Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell, hindi mo kailangang i-report ang mga bayad sa HMRC o magbayad ng Income Tax sa mga natanggap na halaga.
Hindi maaapektuhan ang karapatan mo sa mga benepisyo.

Mga Aksyon

Pinapayuhan ng DWP na ang sinumang kumukuha ng benepisyo at nakatanggap ng bayad na may kaugnayan sa Grenfell ay dapat magbigay

abiso sa DWP upang ma-update ang kanilang mga rekord at maitala nang tama ang bayad na ito. Lahat ng kapital ay dapat i-report, kabilang ang mga bayad mula sa Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell, kapag natanggap ito. Makakatulong ito upang maiwasan ang anumang hindi pagkakaunawaan sa hinaharap kapag sinusuri ang iyong claim sa benepisyo.

Kung nakatanggap ka ng mga tax credit noong 2024-2025 tax year at sinabi mo sa HMRC ang tungkol sa bayad mula sa Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell, maaaring nakaapekto ito sa paraan ng pagkalkula ng iyong award. Kung ito ay naaangkop sa iyo, pakisuyong kontakin ang HMRC gamit ang numero sa ibaba.

Kung hindi mo sinabi sa HMRC ang tungkol sa bayad, hindi naapektuhan ang iyong award, at hindi mo kailangan gumawa ng anumang aksyon.

Hindi mo kailangang gumawa ng anumang hakbang para ipatupad ang eksemsyon sa Income Tax, ito ay awtomatiko. Hindi kokolektahin ng HMRC ang Income Tax sa anumang bayad na ibinigay sa mga indibidwal sa ilalim ng Programa ng Suporta (Hustisyang Pagsasauli) ng Grenfell.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

HMRC
Para sa mga tax credit, kontakin ang HMRC Helpline: 0345 300 3900 (Lunes hanggang Biyernes: 8am hanggang 5pm)

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng DWP
Helpline Telephone ng Universal Credit: 0800 328 5644 Textphone: 0800 328 1344
Pension Credit 0800 99 1234 Textphone 0800 169 0133

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng RBKC
DedicatedServiceEngs@rbkc.gov.uk